DEPARTMENT OF CONSUMER AFFAIRS
PROFESSIONAL FIDUCIARIES BUREAU
1625 North Market Blvd., Suite S-209
Sacramento, CA 95834
www.fiduciary.ca.gov
(916) 574-7340

CALIFORNIA DEPARTMENT OF CONSUMER AFFAIRS

PDE 24-420

DEPARTMENT OF CONSUMER AFFAIRS

PFB

PROFESSIONAL FIDUCIARIES BUREAU



# Ano ang Professional Fiduciary?

ISANG GABAY PARA SA MGA KLIYENTE

Ang Professional Fiduciary ay isang indibidwal na pinagkatiwalaan ng ari-arian o kapangyarihan para sa kapakanan ng iba pang tao. Pinaglilingkuran niya ang mga sektor na nangangailangan ng kalinga, gaya ng mga nakatatanda at mga indibidwal na hindi na kayang alagaan ang kanilang mga sarili, at isa rin siyang partidong walang pinapanigan at obhetibo na nagbibigay ng pangkalahatang pangangalaga sa kliyente. Kung mawalan ng kapasidad o mamatay ang isang indibidwal, ang isang Professional Fiduciary ay maaaring mangasiwa sa pamamahala ng ari-arian nito. Maaari din siyang maglingkod sa mga taong independiyente at produktibo na nangangailangan ng tulong sa paggawa ng wastong mga desisyon tungkol sa pananalapi, pangangalagang pangkalusugan, at pang-araw-araw na buhay.

## Anong mga uri ng serbisyo ang maaaring ibigay ng isang Professional Fiduciary?

- Pagbabangko at pagbabayad ng mga bill
- Pamamahala ng pagpasok at paglabas ng pera
- Pang-araw-araw na pangangalaga at mga pangangailangan kaugnay ng paninirahan
- Pamamahala at pangangasiwa ng mga ari-arian
- Pag-uulat ng mga transaksiyong pinansiyal
- Paghahanda at pagbabayad kaugnay ng buwis
- Pangangalaga at pagpapanatili ng tahanan

Bukod pa rito, ang pamamahala ng ilang partikular na serbisyo, kabilang ang:

- Mga pangangailangan sa pangangalagang medikal
- Mga yaman (assets) at pamamahagi
- Mga kinakailangang seguro
- Mga pamumuhunan
- Mga pampublikong benepisyo
- Lupa't bahay at personal na pag-aari

Ang isang Professional Fiduciary ay maaaring hindi dalubhasa sa lahat ng aspeto at maaaring kumuha ng ibang mga propesyonal para tugunan ang ilang mga pangangailangan na babayaran mula sa pondo ng trust o ari-arian. Gayumpaman, ang Professional Fiduciary ay ang tagapamahala sa lahat ng serbisyong ibinibigay. Kung siya ay kumuha ng iba pang propesyonal, sinasalo ng Professional Fiduciary ang responsibilidad na magkaloob ng naaangkop at sapat na mga serbisyo, at siya ang panghuling tagapagpasya habang sinusundan ang mga tagubilin mo o ng hukuman.

**Tandaan**

*Isang krimen para sa mga Professional Fiduciary ang magtrabaho nang walang lisensya.*

## Bakit dapat kumuha ng isang Professional Fiduciary?

- Wala kang mga kaibigan o pamilya na tutulong sa pag-aasikaso ng iyong mga pangangailangan.
- Nais mong iwasang makapagbigay ng pasanin sa iyong pamilya o mga kaibigan.
- Ang iyong mga pinagkakatiwalaang kaibigan at kapamilya ay maaaring walang sapat na kasanayan, hindi handang tumulong, o napakalayo ng tinitirhan para makatulong.
- Ang iyong mga kamag-anak ay may mga alitan kaya mas mainam na pumili ng isang partidong walang kinikilingan.
- Naghahanap ka ng may karanasan at kwalipikadong propesyonal na kumilos bilang tagapagtaguyod mo, nasaan ka mang yugto ng buhay.

## Ano ang ginagawa ng Professional Fiduciaries Bureau?

Ang Professional Fiduciaries Bureau (Bureau) ng Estado ay naglilisensya at nagreregula sa mga Professional Fiduciary at nilikha noong 2007 sa ilalim ng Department of Consumer Affairs. Ang pagpoprotekta sa publiko ang pinakapriyoridad ng Bureau sa pagpapatupad nito ng mga tungkulin sa paglilisensya, pagreregula, at pagdidisiplina. Ang Bureau ay responsable sa pagsusuri at pag-iimbestiga ng mga reklamo ng kliyente at maaari ding mag-imbestiga ng posibleng maling gawi ng isang lisensyado batay sa mismong inisyatiba nito.

Simula Enero 1, 2009, ang sinumang taong magsisilbi bilang fiduciary para sa isang hindi kapamilya ay kailangang lisensyado ng Bureau. Hindi maaaring magtalaga ang mga korte ng isang indibidwal upang magsilbing Professional Fiduciary para sa mga hindi kapamilya, maliban kung ang indibidwal ay may hawak na balidong lisensya bilang Professional Fiduciary o hindi sakop ng batas sa paglilisensya.

## Ano ang iba't ibang uri ng mga fiduciary (na napapailalim sa regulasyon ng Bureau)?

### Trustee

Ang isang Professional Fiduciary na naglilingkod bilang isang trustee ay may tungkuling isakatuparan ang mga tuntunin ng trust gaya ng nakasaad sa dokumento kaugnay ng trust. Ang trustee ay itinalaga ng taong gumawa ng trust. Ang gumawa ng trust o "trustor" ay maaaring magtalaga ng isang kapamilya, kaibigan, o Professional Fiduciary bilang trustee sakaling mawalan siya ng kapasidad o pumanaw na. May mga pagkakataon na walang makuhang trustee o walang trustee na itinalaga sa trust; sa pagkakataong ito, maaaring magtalaga ang korte ng isang indibidwal na magsisilbing trustee. Kung minsan, may mga dahilang legal o nauugnay sa buwis para sa pagtatalaga ng isang Professional Fiduciary bilang trustee.

### Tagapangalaga

Ang isang Professional Fiduciary na nagsisilbing tagapangalaga ay namamahala sa mga pinansyal at personal na pangangailangan ng mga menor de edad (taong wala pang 18 taong gulang). Bagaman ang iyong mga dokumento sa pagpaplano ng estado (kumonsulta sa isang abogado para i-draft ang mga dokumentong ito) ay maaaring magpangalan ng partikular na tao na kikilos bilang tagapag-alaga ng menor de edad, dapat humingi ang tagapag-alaga ng permiso ng korte upang maitaguyod ang pagiging tagapag-alaga (guardianship).

### Tagapag-ingat (Conservator)

Ang isang Professional Fiduciary na nagsisilbing tagapag-ingat ay namamahala sa mga pinansyal at personal na pangangailangan ng mga indibidwal na hindi na kayang gumawa o magpahayag ng ligtas o wastong mga desisyon tungkol sa kanilang sarili at/o ari-arian o naging madaling mabiktima ng panloloko o mamanipula. Bagama't maaaring nakatalaga sa iyong mga dokumento hinggil sa pagpaplano ng mga ari-arian (kumonsulta sa isang abogado upang isulat ang mga dokumentong ito) ang isang espesipikong tao na magsisilbing tagapag-ingat, ang tagapag-ingat ay kailangang italaga ng korte upang maitatag ang pagiging tagapag-ingat (conservatorship).

### Ahente sa Ilalim ng Durable Power of Attorney

Ang isang Professional Fiduciary na naglilingkod sa kapasidad ng isang ahente sa ilalim ng durable power of attorney (POA) ay isang indibidwal na pinagkatiwalaan na kumilos bilang iyong ahente para sa mga usapin sa pananalapi at/o pangangalagang pangkalusugan kung sakaling mawalan ka ng kakayahan. Kung nais mong pumili ng isang taong magsasalita para sa iyo hinggil sa mga usapin sa pangangalagang pangkalusugan at ibang tao naman para gumawa ng mga desisyong pinansyal, maaari kang gumawa ng magkahiwalay na power of attorney para sa pananalapi at sa pangangalagang pangkalusugan. Dapat na nakasaad sa iyong POA ang mga espesipikong desisyon na nais mong pangasiwaan ng iyong ahente, gaya ng mga desisyon sa pangangalagang medikal, mga pampublikong benepisyo, mga indibidwal na account sa pagreretiro, at mga pagbabayad sa Social Security.

### Personal na Kinatawan ng Estado ng Yumao

Ang isang Professional Fiduciary na naglilingkod sa kapasidad ng personal na kinatawan ng estado ng yumao ay ang nagsasagawa ng administrasyon at distribusyon ng iyong estado sa sandaling pumanaw ka. Ang indibidwal na ito ay maaaring pangalanan sa iyong Huling Habilin o mga dokumento sa pagpaplano ng estado (magkonsulta sa isang abogado) at maaaring kailangang opisyal na hirangin ng isang hukuman depende sa halaga ng mga asset sa estado, alinsunod sa mga probate law ng California.

## Paano mapoprotektahan ng mga kliyente ang kanilang mga sarili?

Bago ka kumuha ng isang Professional Fiduciary, tiyaking lisensyado siya. Upang beripikahin ang lisensya, pumunta sa website ng Bureau, **www.fiduciary.ca.gov**. Sa pamamagitan ng website, puwede kang gumawa ng mga paghahanap gamit ang pangalan ng fiduciary, numero ng lisensya, lungsod, o county. Puwede mo ring tingnan ang anumang impormasyon tungkol sa disiplina sa website. Bukod dito, sundin ang mga tip na ito:

- Isulat ang iyong mga inaasahan hinggil sa iyong ari-arian, pananalapi, pangangalagang pangkalusugan, at mga huling habilin. Maaaring mangahulugan ito ng paggawa ng isang plano para sa mga ari-arian at pagkonsulta sa isang abogado upang makumpleto ang mga kinakailangang dokumento.
- Magplano nang maaga para sa mga pangangailangan mo at ng iyong pamilya.
- Isaalang-alang ang mga referral mula sa pamilya, mga kaibigan, o iba pang propesyonal.

